Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban
**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-03 NG NOBYEMBRE, 2022 SA GANAP NA IKA–09:23 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | -----------*Pangalawang Punumbayan /Tagapangulo* |
| KGG. MA. ROMA R. TABLICO | ----------- Kagawad |
| KGG. MODESTO B. ABADIER | ----------- Kagawad |
| KGG. MARK ANTHONY L. LAGROSA | ----------- Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ----------- Kagawad |
| KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO | ----------- Kagawad |
| KGG. JOHN DEMBER A. DELOS REYES | ----------- Kagawad |
| KGG. MGGL. JEROMME D. LACBAY | ----------- Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ----------- Kagawad |
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ----------- Pangulo-LnB |
| KGG. DONNIE L. DE VENECIA | ----------- Pangulo-SKF |

**KAPASIYAHANG BLG. 80 T. 2022**

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING KAY KGG. MARIA IMELDA REMEDIOS "IMEE" ROMUALDEZ MARCOS, SENADOR NG REPUBLIKA NG PILIPINAS, NA MAG-AKDA NG PANUKALANG BATAS NA MAGTATALAGA SA BAYAN NG LUMBAN BILANG "SENTRO NG BURDA NG PILIPINAS" (EMBROIDERY CAPITAL OF THE PHILIPPINES)**

**Akda ni KGG. MARK ANTHONY L. LAGROSA**
**Tagapangulo, Lupon ng Turismo, Kasaysayan, Kultura at Sining**

**SAPAGKAT,** ang Bayan ng Lumban ay isa sa pinakamatandang bayan sa Pilipinas na itinatag ng mga Kastila na isang "Civil Entity" noong Setyembre 22, 1578 na kung saan, naging sentro ng misyong Kristianismo, ng paglinang sa mga musikang liturhikal at sining ng pagbuburda sa pagtuturo ng mga madreng Franciscano, na mahusay na nailapat sa mga belo, mantel ng mga altar at mga damit ng mga beneradong imahen sa Pilipinas at sa España;

**SAPAGKAT**, ang kalinangan ng mga Lumbeño sa sining ng pagbuburda ay matiyagang naipasa sa mga sali't-saling henerasyon ng mga taga-Lumban na ngayon ay isang industriya na nagpatanyag sa Lumban bilang nangunguna sa paghabi at paggawa ng mga produktong burda gaya ng Barong-Tagalog, saya, mga mantel at iba pa;

**SAPAGKAT**, ang produktong burda ng mga Lumbeño ay malaon nang tinatangkilik sa loob ng mahabang panahon saan man dako ng Pilipinas. Katunayan nito na mula pa noon hanggang ngayon ang mga kasootang burda ng Lumban ay isinusuot ng Pangulo ng Pilipinas at ng kani-kanilang Unang Ginang, mga mambabatas sa bansa, mga dignitaryo at ang mga opisyales ng pambansa at mga lokal na pamahalaan;

**SAPAGKAT**, ang mga produktong burda ng Lumban ay malaon narin na tinatangkilik at ginagamit bilang pangunahing kasootan sa mga mahahalagang mga pagtitipon at mga kaganapan sa Pilipinas gaya ng binyagan, kasalan, panunumpa sa katungkulan, paglalahad ng SONA, APEC Summit, mga sesyon, sa mga paglilitis sa mga korte at mga mahahalagang state visits ng mga lider ng bansa;

**SAPAGKAT,** ang Burdang Lumban ay tunay na pinagkakatiwalaan at tinatangkilik ng mga sikat na mga couturiers, fashion designers at Filipiñana attire makers ng mga malalaking malls sa bansa na siyang lalong nagpapatingkad ng kagandahan ng habing Lumbeño at ng mga tradisyonal at makabagong anyo ng ating pambansang kasuotan;

**SAPAGKAT**, ang habing burda ng Lumban ay tatak na ng ating pagka-Pilipino at natatanging pagkakakilanlan na pangunahing ambag ng Bayan ng Lumban sa bansa.

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Mark Anthony L. Lagrosa, na pinangalawahan nina Kgg. John Dember A. Delos Reyes at Kgg. Ma. Roma R. Tablico at sinang-ayunan ng lahat ng mga nagsidalo ay;

**IPASIYA**, gaya ng dito ay **IPINAPASIYA** na, pagtibayin ang Kapasiyahang mapitagang humihiling kay Kgg. Maria Imelda Remedios "Imee" Romualdez Marcos, Senador ng Republika ng Pilipinas, na mag-akda ng panukalang batas na magtatalaga sa Bayan ng Lumban bilang "Sentro ng Burda ng Pilipinas" (Embroidery Capital of the Philippines);

**IPINASIYA PA RIN**, na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang tanggapan ng butihing Senador Maria Imelda Remedios "Imee" Romualdez Marcos sa Rm. 519 and 15 (New Wing 5ft floor) GSIS Building, Financial Center, Diokno Blvd., Pasay City at sa iba pang kaukulang tanggapan para sa kaniyang kabatiran at gabay.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-03 ng Nobyembre, 2022.

**PINATUTUNAYAN KO,** ang katumpakan at kawastuan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

**Nagpatotoo :**

**BELEN B. RAGA**
*Tagapangulo/ Pangalawang Punumbayan*

**Pinagtibay :**

**ROLANDO G. UBATAY**
*Punumbayan*

*Xcerpt110322res80*